**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)
**PARAÑAQUE**

# FILIPINO 7

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**
**Manunulat:** Lucille Joy G. Feliciano
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Lucille Joy G. Feliciano
**Manunulat/Tagalapat ng LAS:** Sheena O. Monieva
**Tagasuri ng Nilalaman:** Dr. Edwin S. Doria/ Anthonette M. Venzon
**Tagasuri ng Wika:** Anthonette M. Venzon/ Susan A. Sevilla
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director- NCR
Evangeline P. Ladines, CESO V- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Dr. Bernardo N. Mascarina- CID Chief Parañaque City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino- NCR
Dr. Edwin S. Doria, EPS Filipino SDO Parañaque City
Dennis M. Mendoza, LR EPS- NCR
Dr. Rodel Apostol- LDRMS
Nancy Mabunga, Librarian- NCR
Dr. Rodel C. Apostol, LRDMS- Parañaque CIty
Katreena A. Baluyot Librarian- SDO Parañaque City

**(Ito ay Pagmamay-ari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili.**

# KAISIPAN SA AKDA AT PAGSUSURI SA DAMDAMING NAMAYANI SA MGA TAUHAN

## Inaasahan:


Nagagamit ang dating kaalaman at karanasan sa pag-unawa at pagpapakahulugan sa mga kaisipan sa akda **F7PS-IV c-d-21**

Nasusuri ang damdaming namamayani sa mga tauhan sa pinanood na dulang pantelebisyon/pampelikula **F7PD-IV c-d-19**

## Unang Pagsubok

Panibagong aralin na naman ang naghihintay sa atin. Subukan natin ang iyong kaalaman hinggil sa paksa na ating tatalakayin.

**Panuto:** Sa loob ng puso, isulat ang mga bagay na maaari mong gawin upang ipakita ang iyong pagmamahal sa kapwa, kaibigan o pamilya.



# Balik-Tanaw

Sa bahaging ito, balikan mo ang kuwentong binasa sa nakaraang aralin. Makatutulong ito upang maunawaan mo nang lubos ang ating paksa.

**Panuto:** Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari sa akdang Ibong Adarna. Lagyan ng bilang 1-5 ang mga sumusunod na kahon.

☐ 1. Iniligtas ni Don Juan si Donya Juana sa higante.

☐ 2. Pagpapakawala sa Ibong Adarna.

☐ 3. Nakakita ng balon si Don Pedro, Don Diego at Don Juan ngunit si Don Juan lang ang tanging nakababa sa balon.

☐ 4. Kinalaban ni Don Juan ang serpyente na may pitong ulo.

☐ 5. Nakarating ang magkakapatid sa Bundok Armenya.

# Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ngayon naman ay basahin na natin ang buod ng kwento ng Ibong Adarna. Unawaing mabuti ang akda at alamin kung anong kaisipan ang nakapaloob dito.

Matagumpay na nakaakyat mula sa ilalim ng balon si Don Juan kasama ang magkapatid na si Donya Juana at Donya Leonora. Napahanga ang magkapatid na sina Don Pedro at Don Diego sa natamasang tagumpay ni Don Juan. Labis ang inggit na nadama ni Don Pedro. Lalo na't nabighani siya sa ganda ni Donya Leonora. Nagkataon na nalimutan ni Donya Leonora ang dyamanteng singsing na ipinamana sa kanya ng kanyang ina kaya naman minabuti ni Don Juan na balikan ito. Nakahanap ng pagkakataon si Don Pedro na pagtaksilan muli si Don Juan. Kaya naman ng muling bumaba ito sa balon ay pinutol ni Don Pedro ang lubid na ginagamit nito. Naging dahilan ito ng pagkahulog ni Don Juan sa malalim na balon. Laking gulat ni Donya Leonora sa ginawang pagtataksil ni Don Pedro kaya naman hinimatay ito. Nang magkamalay si Donya Leonora ay napansin niya na hawak siya ni Don Pedro. Pinangakuan siya nito na magiging reyna siya ng kaharian ng Berbanya ngunit si Don Juan pa rin ang kanyang nasa isip. Walang magawa ang dalaga kundi humingi ng tulong sa kanyang alagang mahiwagang lobo. Ipinagbilin niya sa lobo na hanapin at iligtas si Don Juan. Sa kabutihang-palad naman ay nakita ng lobo si Don Juan at agad itong tinulungan. Si Don Pedro at Don Diego naman ay bumalik na sa kaharian ng Berbanya kasama sina Donya

Pagbalik sa kaharian ay hinanap ng hari ang bunsong anak ngunit sinabi ni Don Pedro na hindi nila ito nakita.

Batay sa kanyang pagsasalaysay, ang kanilang natagpuan ay ang dalawang dalaga na kanilang kasama. Ipinagmalaki niya na iniligtas nila ang dalawang dalaga sa kapahamakan. Doon ay nakalaban nila ang isang higante at nakapatay sila ng serpyente na may pitong ulo. Humingi si Don Pedro ng pahintulot sa hari na mapakasalan ang dalawang dalagang kanilang nakilala. Ngunit tumutol si Donya Leonora sa balak ni Don Pedro. Sinabi nito na hayaan muna siya na gawin ang kanyang panata na tatagal ng pitong taon at hiniling din na bigyan ito ng sariling silid. Iginalang ng hari ang kagustuhan ng dalaga at pumayag siya sa kahilingan ni Donya Leonora. Samantala, ipinag-utos naman ng hari na ikasal sina Don Diego at Donya Juana.

Sa kabundukan naman ay tuluyan nang gumaling si Don Juan at ito ay nagdesisyon nang bumalik ng Berbanya. Hindi niya nalimutan na manalangin sa Panginoon upang siya ay gabayan. Sa kanyang paglalakbay ay saglit itong namahinga sa isang mayabong na puno. Doon ay nagkitang muli sila ng Ibong Adarna. Inihayag ng Ibong Adarna ang dahilan ng kanyang pag-alis sa Berbanya. Sinabi niya na ginawa niya ito upang mailigtas si Don Juan sa kapahamakan sa kamay ng kanyang dalawang kapatid. Pinayuhan din siya ng ibon na kalimutan na ang pag-ibig kay Donya Leonora at sa iba ibaling ang kanyang pagmamahal. Itinuro niya ang Reino delos Cristales kung saan mahahanap niya ang isang napakagandang dalaga na nagngangalang Donya Maria Blanca. Sinunod ni Don Juan ang payo ng Ibong Adarna at agad itong naglakbay.

Habang si Don Juan ay nilimot na ang pag-ibig kay Donya Leonora, ang dalaga naman ay hinihintay ang pagbabalik ng binata. Hindi niya kayang tanggapin ang alok na pagpapakasal kay Don Pedro dahil si Don Juan lang ang tangi niyang iniibig.

**Sagutin ang sumusunod na tanong**

1. Sino-sino ang kasama ni Don Juan nang siya ay umakyat sa balon?
   ______________________________________________________________
2. Anong damdamin ang nadama ni Don Pedro nang makita niyang muli si Don Juan? Ipaliwanag ang iyong sagot.
   ______________________________________________________________
3. Paano muling pinagtaksilan si Don Juan ng kanyang kapatid na si Don Pedro?
   ______________________________________________________________
4. Kung ikaw ang nasa sitwasyon ni Donya Leonora, paano mo haharapin ang kabiguan na iyong naranasan?
   ______________________________________________________________
5. Sa kasalukuyan, may mga magkakapatid pa rin bang hindi nagkakasundo dahil sa inggit? Patunayan.
   ______________________________________________________________

# Alam mo ba?

Nabanggit sa akda ang salitang **"panata"** na ang ibig sabihin ay matapat na pangako o debosyon. Madalas ay iniuugnay ito sa ating matinding paniniwala sa Diyos. Ito ang mga bagay na ginagawa natin upang maipahayag ang ating pananampalataya. Likas na sa ating mga Pilipino ang pagkakaroon ng panata. Iba-iba ang ating pamamaraan sa pagpapahayag nito. May ilan na nagpapapako sa krus tuwing mahal na araw o di naman kaya ay nakikiisa sa mga prusisyon. Ito ay karugtong na ng ating kaugalian at tradisyon bilang mga Pilipino.

Sa akda, ginamit ni Donya Leonora ang panata upang maipagpaliban ang kasal kay Don Pedro. Nagpapakita lamang ito na tunay na minamahal ni Donya Leonora si Don Juan dahil handa itong maghintay para sa kanya.

# Gawain

Tingnan natin ang iyong kaalaman hinggil sa kuwentong binasa. Sagutan ang mga sumusunod na gawain.

## Gawain 1

**Panuto:** Bigyang pagpapakahulugan ang mga kaisipan na nakasulat sa ibaba. Gamitin ang iyong dating kaalaman at karanasan sa pagbibigay ng kahulugan.

1.



706 Di rin naming nasumpungan
ang bunso mong minamahal,
at sa aming kapaguran
ito po ang natagpuan

Kaisipan sa akda: Pagsisinungaling upang pagtakpan ang kasalanan

**Pagbibigay kahulugan sa kaisipan**

_______________________________________________


_______________________________________________

**Pag-uugnay sa sariling kaalaman/karanasan**

_______________________________________________

_______________________________________________

2.



786 Pagkat di ko matatanggap
makasal sa hindi liyag,
buhay ko man ay mautas
pagsinta ko'y iyong hawak

Kaisipan sa akda:
Wagas na pag-ibig sa minamahal

**Pagbibigay kahulugan sa kaisipan**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**Pag-uugnay sa sariling kaalaman/karanasan**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**Gawain 2**

**Panuto:** Gamit ang dating kaalaman at karanasan, bigyang pagpapakahulugan ang mga sumunod na kaisipan. Isulat kung saang bahagi ng akda ito makikita.

| Kaisipan sa akda | Bahagi ng akda | Kahulugan |
|---|---|---|
| **1. Inggit sa kapwa** | ______________________<br>______________________ | ______________________<br>______________________ |
| **2. Pagtulong sa nangangailangan** | ______________________<br>______________________ | ______________________<br>______________________ |
| **3. Pagmamahal ng ama sa anak** | ______________________<br>______________________ | ______________________<br>______________________ |

# Tandaan

Sa pagbasa ng akda, kailangang unawain ang mga kaisipan na nakapaloob dito. Ang **kaisipan sa akda** ay tumutukoy sa nais na iparating ng manunulat sa kanyang mambabasa. Kadalasan ay ipinakikita rin dito ang mga aral na gustong ipabatid ng may akda.

Halimbawa:

a. Pagmamahal ng isang ama sa anak
b. Pagsunod sa panata o paniniwala ng isang tao

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto**: Mula sa inilagay na sagot sa **Gawain 3** isalaysay ang kuwento ng iyong pinanood na teleserye/pelikula. Suriin ang damdaming namayani sa bawat tauhan.

______________________________

**Pamagat**

**Buod ng pinanood na teleserye/pelikula**

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

| Tauhan sa Pelikula/Teleserye | Damdaming namayani |
|---|---|
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |
| ______________________ | ______________________ |

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Ibigay ang kaisipan at suriin ang damdaming namayani sa mga tauhan batay sa sumusunod na saknong. Piliin ang angkop na kaisipan at damdamin sa ibaba.

1. 667 "Giliw ko," anang prinsesa,
"ang singsing ko'y bayaan na,
Ang pagparo'n mong mag-isa'y
lubha kong inaalala."
Kaisipan:________________
________________
Damdamin:________________

2. 681 "Kay Don Juan ano kaya
ang ginhawang mapapala?
ang mamatay sa pagluha
at mabuhay na kawawa."
Kaisipan:________________
________________
Damdamin:________________

3. 708 "Doo'y aming nakalaban
Dalawang ganid sa parang,
ang Higanteng mamamatay
at Serpyenteng tampalasan."
Kaisipan:________________
________________
Damdamin:________________

4. 750 "O, Panginoon Haring mataas
Panginoon naming lahat,
Sa alipin mo'y mahabag
na ituro yaong landas"
Kaisipan:________________
________________
Damdamin:________________

5. 788 "Bakit nga ba hindi, irog,
lalo pa kung matatalos
ang hinagpis at himutok
kayakap ko sa pagtulog."
Kaisipan:________________
________________
Damdamin:________________

| Kaisipan | Damdamin |
|---|---|
| Pagdadalamhati dahil sa pag-ibig | pagmamayabang |
| Pagmamalaki sa mga nagawa | pagkamaalalahanin |
| Pagkakaroon ng malasakit sa minamahal | pagpapakumbaba |
| Inggit sa kapwa | kasiyahan |
| Matibay na pananampalataya sa Diyos | pagkainggit |
| Pagiging masiyahin sa gitna ng problema | kalungkutan |

## Susi sa Pagwawasto

**Balik-Tanaw**

1.4
2. 1
3. 3
4. 5
5. 2

**Gawain 1**

Maaaring may ibat' ibang sagot ang mga mag-aaral

**Gawain 2**

| Kaisipan sa akda | Bahagi ng akda | Kahulugan |
|---|---|---|
| 1. Inggit sa kapwa | Labis ang inggit na nadama ni Don Pedro ng makita niya si Don Juan na may kasamang magandang dalaga. | May iba't ibang sagot ang mga mag-aaral dahil batay ito sa sarili nilang karanasan/kaalaman |
| 2. Pagtulong sa nangangailangan | Tinulungan ng mahiwagang lobo si Don Juan | |
| 3. Pagmamahal ng ama sa anak | Sa pagbalik nina Don Pedro at Don Diego sa kaharian ay hinanap agad ng hari ang bunsong anak | |

**Pag-alam sa Natutuhan**

May iba't ibang sagot dahil ito ay pagbabahagi ng sariling pananaw ng mga mag-aaral.

**Pangwakas na Pagsusulit**

1.pagkakaroon ng malasakit sa minamahal-pagkamaalalahanin
2.inggit sa kapwa-pagkainggit
3. pagmamalaki sa nagawa-pagmamayabang
4. matibay na pananampalataya sa Diyos-pagpapakumbaba
5.pagdadalamhati dahil sa pag-ibig- kalungkutan

# Sanggunian

Julian-Baisa Ailene, Jose-Esguerra, Carmela, Lontoc, Nestor *Pinagyamang Pluma (Ikalawang Edisyon)* Phoenix Publishing House, Inc., 2017

Oracion-Dela Cruz, Leonora *Gantimpala (Pinagsanib na Wika at Panitikan),* Innovative Educational Materials, Inc. 2015